

# 1

Pagkapasok ni Edjane sa loob ng *Vintigo Corporation*, ang kompanyang pagmamay-ari ng kanyang mga magulang, agad siyang binati ng mga empleyadong nakasalubong niyang nagtatrabaho roon.

Nang makapasok sa elevator, pinindot niya ang buton ng palapag kung saan nandoon ang kanyang opisina. Pagdating doon ay lumabas siya ng lift. Nakasalubong siya ng ibang empleyado at magalang na bumati sa kanya. Ginantihan niya ng ngiti ang mga ito.

Nakita siya ng kanyang sekretarya nang dumaan siya sa mesa nito. Ngumiti ito sa kanya at binati siya. “Good morning, Miss Vintigo. Mukhang blooming at maganda ang umaga ninyo, ah.”

Tumawa siya at sandaling tumigil sa paglalakad. “Naku! Nambola pa si Miss Lyn. O, handa na ba ang reports ng department heads?”

“Yes, Ma’am. Nasa akin na po ang mga reports na kailangan ninyong basahin.”

“Good. Dalhin mo na iyon sa opisina ko at ibigay mo na rin ang schedule ng meetings ko today.”

“Yes, Ma’am.”

Iniwan na ni Edjane si Lyn upang pumasok sa kanyang opisina. Nang maibaba ang kanyang bag sa mesa ay saglit muna siyang lumapit sa malaking glass wall na nasa likod ng table niya. Dahil mataas ang gusali ng *Vintigo Corporation*, kitang-kita ang buong paligid ng Makati. Tatanaw lang siya roon ay nawawala na ang kanyang stress.

Nang makapagtapos siya ng pag-aaral sa kursong Civil Engineering, binigyan siya ng kanyang mga magulang ng posisyon sa kompanya ng mga ito, ang *Vintigo Corporation*. Ang negosyong ito ay nalilinya sa construction. Sila ang general contractor para sa pagpapatayo ng housing projects at iba’t ibang gusali tulad ng malls, high-rise buildings at commercial complex.

Umupo na siya sa swivel chair at may inayos sa kanyang mesa. Narinig niyang may kumatok sa pinto ng private office niya. “Pasok.”

Hindi niya pinansin ang pumasok. She thought it was her secretary; nang may kamay ng lalaki na naglapag ng folder sa mesa niya.

Nag-angat ng tingin si Edjane. Doon lang niya nalamang ang fiancé pala niya ang bagong dating, si Caleb, na dala ang paborito niyang blue tulips.

Sa tuwa ay tumayo siya at nilapitan ang lalaki. Pinagsalikop niya ang mga braso sa leeg ng nobyo at agad namang pumulupot

sa baywang niya ang mga braso nito.

Lahat ng hahanaping magandang katangian ng isang babae sa isang lalaki ay na kay Caleb na. Kaya para kay Edjane, siya ang pinakamasuwerteng babae sa buong mundo dahil nakahanap siya ng katulad nito.

Apat na taon na silang magkasintahan at napagdesisyunan na nilang magpakasal.

Hinalikan siya ng nobyo at nguming humiwalay sa kanya. “Na-surprise ba kita?” nakakalokong tanong nito.

“Grabe, oo. Ano’ng ginagawa mo dito?” Hinila niya ito at sabay silang umupo sa maliit na sofa sa opisina.

“Bakit? Bawal ko bang dalawin ang soon-to-be Mrs. San Jose?”

“Hindi naman, pero di ba may trabaho ka pa? Ako pa talaga ang inuna mo.” Minsan naiinis din si Edjane dahil mahilig mag-surprise ang binata. Tulad ng araw na ito na bigla na lang siyang pupuntahan sa trabaho.

“Ayos lang. I just want to see if you’re okay. Nag-almusal ka na ba?”

“Yup, sa bahay. Ikaw ba?”

“Hindi pa nga, eh. Iba ang gusto kong kainin,” sabi nito habang siya naman ay pinaglalaruan ang mga bulaklak na ibinigay

nito sa kanya. “Grabe ka naman d’yan sa bulaklak. Ingatan mo ’yan, parang puso ko na kailangan mong ingatan kasi ikaw lang ang nakatira dito.”

Natawa siya. “Oo na, Mr. Corny. Umalis ka na’t may trabaho pa ako.”

Bigla siyang hinalikan ni Caleb na nagbigay sa kanya ng kung anong pakiramdam sa tiyan. Kumabog ang puso niya sa tuwa, at nalaglag sa sahig ang mga bulaklak na hawak. Bumaba ang halik ng nobyo sa kanyang leeg, dahilan para itulak niya ito. Hingal na hingal silang lumayo sa isa’t isa.

Kahit na matagal na silang magkasintahan, ayaw pa rin ni Edjane na may mangyari sa kanila hangga’t hindi pa sila kasal. Madalas nilang pag-awayan ang bagay na iyon, pero nagkakaayos naman sila sa bandang huli.

“Sorry,” mahinang usal niya, kinuha ang mga bulaklak sa sahig.

Sabay silang tumayo ni Caleb at nagkatitigan.

“Sige, aalis na ako,” anito at lumabas na.

Napabuntong-hininga ang dalaga. Naisip niyang dadalawin niya mamaya sa trabaho ang nobyo para sabay silang kumain ng tanghalian.

Bumalik siya sa kanyang mesa para maumpisahan na niya ang pagbasa ng report ng bawat department.

Pinag-aaralan niya ang mga blueprint tungkol sa bagong itatayong gusali sa Cavite nang biglang tumunog ang telepono na nakalinya sa telepono rin ng sekretarya niya sa labas.

Agad niyang itinapat sa tainga ang aparato.

“Hello?”

“Ma’am, may biglang appointment kayo sa client ninyo sa *Textile*.”

“Anong biglaan?” gulat na tanong ng dalaga. “Di ba s’abi ko sa inyo magpa-assign ng date bago magpa-meeting?”

“Pero, Ma’am—”

“Miss Vintigo.” Napakunot-noo ni Edjane nang naging barako ang boses ng kabilang linya. “This is Mr. Calderon. May problema ako sa building na pinapagawa ko sa inyo. Bigla na lang gumuho ang kalahati ng natapos na palapag!”

Nanlaki ang mga mata niya at wala sa oras na ibinaba ang telepono. Dali-dali siyang lumabas ng opisina. Nakita niya ang mga security guard na may pinipigilang lalaki.

Tumabi sa kanya si Lyn. “Sorry po, Ma’am, pero nagpupumilit siyang pumasok dito sa opisina ninyo. I had to call security.”

The man was in a black three-piece suit. Matangkad ito, mestizo, matangos ang ilong, manipis ang mamula-mulang labi, bagsak ang gulo-gulong buhok, at may pasa sa gilid ng labi na

hindi niya alam kung saan galing.

Natauhan ang dalaga nang sumigaw ito.

“Hey, you! Ibalik ninyo ang binayad namin sa inyo! Palpak ang ginawa ng kompanya ninyo!”

“Sino ka naman?” ani Edjane nang mahanap ang boses. Ibang Calderon kasi ang kilala niya.

Biglang nahinto sa pagpupumiglas ang lalaki at tunitig lang sa kanya. Nahihiyang yumuko siya.

“Hindi mo ako kilala? Matagal na kaming nagpapagawa sa inyo, pero ngayon lang nangyari 'to. Ayokong masayang ang pera namin dahil sa kapalpak ng mga manggagawa ninyo!”

“Calm down, Sir. Kung sigaw ka nang sigaw, hindi tayo magkakaintindihan.” Sinulyapan niya ang mga security guard. “Bitawan ninyo siya. At, Miss Lyn, papasukin ang lalaking 'yan sa opisina ko.”

Naglakad si Edjane papasok sa private office niya at sumunod sa kanya ang lalaking bagong dating.

Umupo sila sa magkatapat na sofa. Hinubad nito ang itim nitong coat na siya namang nagpataas sa isang kilay ng dalaga. Napaisip tuloy siya kung mainit ba sa opisina niya.

“Ibabalik ba ninyo ang pera na binigay namin?” derecho nitong tanong.

“Nagbabasa po ba kayo ng agreement bago ninyo pinirmahan ang kontrata? Nandoon po ang lahat ng kailangan ninyong malaman. Ang bawal at hindi bawal—na hindi namin p’wedeng ibalik ang bayad sa service para sa building ninyo at nakasulat din na susubukang ayusin ng *Vintigo* ang mga bagay na hindi naayos ng mga trabahador namin,” mahinahon niyang paliwanag.

“Kung gan’on, ayusin ninyo nang hindi tayo magkademandahan,” kalmado nitong saad. “Naalala kong hindi ako ang pumirma sa kontrata. Si Papa ang pumirma habang nasa ibang bansa ako.”

Halos lumuwa ang kanyang mga mata at napanganga sa pagkagulat.

Bumalik sa alaala ni Edjane na last month lang nangyari ang pirmahan sa pagitan nila at ni Mr. Calderon. Wala ang nag-iisa nitong anak na si Eleazar, o mas kilala sa tawag na Ely, ang CEO ng *Calderon Car Company*, kaya ang ginoo ang pumirma para rito. Ang kompanyang *Textile* ang pagmamay-ari nito.

Kung ganoon, ito pala ang binatang Calderon na boss ng kanyang nobyo.

Napakagat-labi siya habang pinapakalma ang sarili. Ang pamilya ng lalaking kaharap niya ang may pinakamalaking shares of stocks sa korporasyon nila.

“Sorry sa nangyari. Kung gusto mo, tingnan natin ngayon

kung saan kami nagkamali.”

Nag-init ang buong mukha ng dalaga nang biglang ngumiti ang lalaki. “Tingnan mo, hindi mo talaga ako kilala kaya naging ganyan ang reaksyon mo. ‘Wag ka kasing magmagaling para hindi ka nakakahiya sa mas may alam.” Napayuko si Edjane sa hiya. “Pero gusto kong tingnan ninyo ang nangyari. S’abi ninyo eight months lang ay p’wede nang matapos iyon, baka ngayon maging one year dahil sa nangyaring pagguho.”

Huminga muna siya nang malalim bago nagsalitang muli. “Kung iyon ang gusto mo, gagawin ko.”

Pagkatapos ng pag-uusap ay agad umalis si Edjane para makita ang lugar na sinasabi ni Ely Calderon. Niyaya pa niya ang binata na sumabay na sa kanya pero tumanggi ito.

She parked her car near the construction site. Tanaw ang nasirang gusali. Sa dalawang malaking palapag ng gusaling gustong ipagawa ng CCC, ang kalahati niyon ang bumagsak.

May pulang kotseng huminto sa gilid ng kanyang sasakyan. Napasulyap siya sa parang wala sa mood na lalaking bumaba mula roon.

“Tingnan mo ang ginawa ng mga trabahador ninyo. Mukhang minamadali nila ang construction. Bayad naman namin ’yan. Pag hindi ninyo inayos iyan agad, hindi ako magdadalawang-isip na bawiin ang ginastos namin at wala akong pakialam kung pati ang shares namin sa kompanya ninyo ay bawiin namin.”



Parang binuhusan ng malamig na tubig si Edjane sa huling sinabi ng lalaki bago ito maglakad palayo.

Hindi puwedeng mangyari ang gusto nito! Malulugi ang kompanya nila. Pinaghirapan iyon ng mga magulang niya at walang magiging dahilan para bumagsak ang *Vintigo Corporation*.

Pagbalik niya sa opisina ay agad siyang nagpatawag ng meeting para imbestigahan ang nangyaring pagguho sa ipinapagawang gusali ni Mr. Calderon.

Naisip niyang hindi sila magsasabay ng kasintahan na kumain ng tanghalian dahil sa mangyayaring meeting kaya tinawagan niya ito.

Pulos ring lang ang narinig niya sa kabilang linya hanggang ma-accept ang tawag niya. “Uhm... b-bakit ka n-napatawag... ahh!”

Napakunot-noo si Edjane dahil may kakaiba sa boses ni Caleb. “Ayos ka lang ba?”

“Ohh... oo. Sige, maya n-na lang.” Bigla na lang namatay ang tawag.

Nagtataakang napatitig lang siya sa aparato bago ibinulsa iyon.

Tinitigan niya ang mga taong pinatawag niya at napakunot-noo nang hindi makita ang kapatid na si Milyn. Inampon ito ng mga magulang niya nang hindi agad magkaanak ang mga ito.

*Instant Husband - Yna Santiago*

---

Mabait na kapatid at anak si Milyn, iyon nga lang ay mataray ito.

“Where’s Miss Milyn?”

“Sorry, Ma’am Vintigo, pero umalis po siya thirty minutes pagkatapos n’yong umalis,” sagot ng isa.

“Gan’on ba? Then, let’s start.” Umupo na siya sa kabisera ng conference table at inumpisahan ang meeting.